

Ang team ng Indibidwal na Plano ng Programa (Individual Program Plan, IPP), na gumagamit ng proseso sa pagpapalano na nakasentro sa tao, ay ang gumagawa ng IPP na tumutukoy sa uri at halaga ng lahat ng kailangang produkto at serbisyo upang makamit ang mga nakaplanong kalalabasan at tiyakin ang kalusugan at kaligtasan ng kalahok. Ginagawa rin ng IPP team ang indibidwal na budget, na halaga ng pondo ng regional center na magagamit para bumili ng mga produkto at serbisyo para ipatupad ang IPP.

Pagkatapos matukoy ang halaga ng indibidwal na budget, gumagawa ang kalahok ng plano ng paggasta upang gamitin ang maaaring pondo para bumili ng mga produkto at serbisyo na nakakatugon sa kanilang mga layunin sa IPP. Sa paggawa ng kanilang plano ng paggasta, dapat isaalang-alang ng kalahok ang sumusunod:

Hakbang 1: Nauugnay ba ang Produkto o Serbisyo sa mga Pangangailangan ng Self-Determination Participant at mga Layunin ng IPP?

Ang bawat produkto o serbisyo sa plano ng paggasta ay dapat tumugon sa isang tinukoy na pangangailangan o layunin sa IPP.

- Ano ang pangangailangan at paano ito nauugnay sa mga layunin sa IPP ng indibidwal?
- Paano nakakatulong ang produkto o serbisyo sa pagkamit ng ninanais na kalalabasan sa IPP?
- Napapataas ba ng produkto o serbisyo ang pakikilahok sa komunidad?

Kung hindi nauugnay ang produkto o serbisyo sa pangangailangan sa IPP ng kalahok o hindi makakatulong sa kalahok na makamit ang layunin sa IPP, dapat hindi ito isama sa plano ng paggasta.

Hakbang 2: May Natural na Suporta o Pangkaraniwang Serbisyo ba na Maaaring Gamitin?

Bago isama ang produkto o serbisyo sa plano ng paggasta, dapat tukuyin ng kalahok kung maipagkakaloob ang produkto o serbisyo ng natural na suporta o pangkaraniwang serbisyo. Sa SDP, dapat gamitin ng mga kalahok ang mga makukuhang pangkaraniwang serbisyo muna.

- Tuklasin kung may mga natural na suporta na maaaring makatulong sa pagkamit ng layunin o kalalabasang iyon. Halimbawa, ang isang nakatatandang kapatid ng isang menor de edad na self-determination participant ay maaaring magbantay sa kalahok habang ginagawa ng magulang ang lingguhang pamimili ng grocery ng pamilya. Kung ito ay posible, maaaring hindi na kailangang gumamit ng binabayaranang suporta at ang hindi binabayaranang nakatatandang kapatid ay maituturing na natural na suporta.
- Tuklasin kung may mga makukuhang pangkaraniwang serbisyo na maaaring makatulong na maabot ang resultang iyon. Halimbawa, ang indibidwal ba ay karapat-dapat para sa mga sumusuportang serbisyo sa loob ng bahay (in-home

supportive services, IHSS) at kung gayon, nakakatanggap ba sila ng mga serbisyo ng personal na tagapag-alaga (Personal Care Assistant, PCA) na maaaring gamitin? Dapat tulungan ng regional center ang indibidwal sa pag-aaplay para sa mga pangkaraniwang serbisyo.

Hakbang 3: Pinapayagan ba ang Mga Produkto at Serbisyo sa Ilalim ng SDP at Medicaid?

Ang SDP ay bahagi ng isang waiver sa Medicaid ng pederal na pamahalaan. Inaprubahan ng waiver na ito ang isang listahan ng mga produkto at serbisyo na maaaring bilhin. Ang mga kalahok sa SDP ay maaari lamang bumili ng mga produkto at serbisyo na pinapahintulutan ng waiver (tingnan ang Kalakip B).

- Ang mga kahulugan ng mga pinahihintulutang produkto at serbisyo na waiver ng Medicaid ay maaaring matagpuan [dito](#). Kung ang kinakailangang produkto o serbisyo ay nasa loob ng isa sa mga pinahihintulutang produkto at serbisyo, ang produkto o serbisyong iyon ay maaaring ilista sa plano sa paggasta.
- Ang ilang produkto at serbisyo ay hindi pinahihintulutan sa ilalim ng SDP. Ang listahan ng kung ano ang hindi pinahihintulutan ay makikita sa Kalakip B. Hindi kasama sa listahang ito ang lahat-lahat.
- Ang ilang iba pang produkto at serbisyo ay maaaring ipagkaloob sa labas ng budget ng kalahok (tingnan ang Kalakip B).
- May mga karagdagang tuntunin tungkol sa pagbili ng Participant-Directed na mga Produkto at Serbisyo sa ilalim ng Service Code 333. Tinatalakay ang mga ito sa Ika-5 Hakbang at sa Kalakip C.

Hakbang 4: Sino ang Maaaring Mabayaran upang Magbigay ng mga Serbisyo sa Plano ng Paggasta at Ano ang mga Dapat na Kwalipikasyon ng Tagapagkaloob?

- Ang mga kahulugan ng kung sino ang kwalipikado ay magdedepende sa uri ng serbisyo. Halimbawa, ang ilang serbisyo tulad ng mga serbisyo ng pag-aalaga (nursing) o mga serbisyo ng therapy ay maaaring mangailangan ng isang tao na may degree at lisensya sa estado. Ang iba pang mga serbisyo, tulad ng sa isang respite worker, ay walang mga kinakailangan sa edukasyon o paglilisensya. Ang lahat ng serbisyo ay dapat ipagkaloob ng isang nasa hustong gulang at isang taong kwalipikado na magtrabaho.
- Maaaring matagpuan ang mga partikular na kwalipikasyon ng tagapagkaloob ng serbisyo [rito](#) sa pamamagitan ng paghahanap ng partikular na kahulugan ng serbisyo. Ang isang kalahok ay maaaring kumuha ng isang tao na may karagdagang mga kwalipikasyon o kasanayan kung kinakailangan upang matugunan ang kanilang mga indibidwal na pangangailangan.
- Ang isang legal na may pananagutang tao ay hindi maaaring bayaran upang magbigay ng mga serbisyo. Nangangahulugan ito na isang tao na may legal na obligasyong pangalagaan ang ibang tao. Ang legal na pananagutan ay binibigyang-kahulugan ng batas ng estado, at sa pangkalahatan ay

kinabibilangan ng mga magulang (natural o adoptive) ng mga menor de edad na bata, legal na nakatalagang tagapag-alaga, mga kamag-anak ng mga menor de edad na bata, at kung minsan ay mga asawa.

Hakbang 5: Paggamit ng mga Participant-Directed na Produkto at Serbisyo

Ang Participant-Directed na Produkto at Serbisyo ay mga serbisyo, kagamitan o kalakal na hindi ibinibigay sa pamamagitan ng SDP o sa pamamagitan ng Medi-Cal, na tumutugon sa isang tinukoy na pangangailangan sa IPP (kabilang ang pagpapaunlak, pagpapabuti at pagpapanatili ng mga pagkakataon ng kalahok para sa ganap na pagiging miyembro ng komunidad). Maaaring isaalang-alang ng isang IPP team ang paggamit ng Participant-Directed na mga Produkto at Serbisyo pagkatapos nitong tuklasin ang iba pang posibleng mga produkto at serbisyo at walang ibang serbisyo ang naaayon sa mga pangangailangan o layunin sa IPP ng kalahok. Ang Participant-Directed na mga Produkto at Serbisyo ay dapat na nakadokumento sa IPP ng kalahok at binili mula sa indibidwal na budget ng kalahok. Hindi ipagkakaloob ang mga eksperimental o ipinagbabawal na paggamot.

Para magamit ang Participant-Directed na mga Produkto at Serbisyo, dapat nitong matugunan ang mga kinakailangan ng pederal na waiver para sa serbisyong ito:

1. Ang produkto o serbisyo ay magresulta sa mas kaunting pangangailangan para sa iba pang mga serbisyo ng Medicaid
 - a. *Paano magresulta ang produkto o serbisyong ito sa mas kaunting pangangailangan para sa mga serbisyo habang ito'y nauugnay sa nais na resulta sa plano? O*
2. Isulong ang pagsalalay sa isa't isa at pagiging kabilang sa komunidad
 - a. *Paano itataguyod ng produkto o serbisyong ito ang pakikilahok sa komunidad habang nauugnay sa kinalabasan sa plano? O*
3. Gawing mas mahusay ang kaligtasan ng tao sa kapaligiran ng tahanan
 - a. *Paano itataguyod ng produkto o serbisyo ang personal na kaligtasan ng kalahok sa tahanan, kaugnay ng resulta sa plano? AT*
4. Ang produkto o serbisyo ay hindi makukuha sa pamamagitan ng ibang pinagmumulan ng pondo
 - a. *Mayroon bang iba pang mga mapagkukunan, kabilang ang mga magagamit na pangkaraniwang mapagkukunan, na maaaring magpondo sa produkto o serbisyo?*

Nagbibigay ang Kalakip B ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga uri ng mga produkto at serbisyo na maaaring mabili. Hindi kasama ang lahat sa listahang ito.

Hakbang 6: Pagbuo at Pagsusuri ng Plano sa Paggasta

- Ginagawa ng mga kalahok ang kanilang plano sa paggasta.
 - Tutukuyin ng plano sa paggasta ang halaga ng bawat produkto at serbisyo na bibilhin, gamit ang mga pondo ng regional center. Kung hindi alam ang eksaktong halaga, maaari itong tantiyahin.

- Tinutukoy ng plano sa paggasta ang uri ng taong nagkakaloob ng bawat serbisyo. Hindi nito kailangang isama ang pangalan ng isang partikular na tagapagkaloob.
- Ang kabuuang halaga ng plano sa paggasta ay hindi maaaring lumampas sa kabuuang halaga ng indibidwal na budget.
- Kapag nakumpleto na ang plano sa paggasta, sinusuri ng regional center ang plano sa paggasta kung tumatalima sa batas ng estado, kabilang ang pagpapatunay na ang mga natukoy na produkto at serbisyo ay karapat-dapat para sa pederal na pakikilahok sa pananalapi at hindi ginagamit upang pondohan ang mga produkto o serbisyo na makukuha sa pamamagitan ng mga pangkaraniwang ahensya. .
- Ang naaprubahang plano sa paggasta ay dapat na nakalakip sa IPP ng kalahok.